# Mga Pediatric (Pambata) na Bakuna sa COVID-19
## Ang Dapat Malaman ng mga Magulang/Tagapag-alaga

**May bakuna sa COVID-19 para sa lahat ng taong 6 buwang gulang pataas.**

## Bakit dapat magpabakuna ang mga bata?

Mula nang nag-umpisa ang pandemya, mahigit 15 milyong bata sa Estados Unidos ang nagkaroon ng COVID-19. Bagamat madalas na mas banayad ang COVID-19 sa mga bata kaysa sa mga nasa hustong gulang, maaari pa ring magkasakit nang malubha ang mga bata at maikalat ang sakit sa mga kaibigan at pamilya na immunocompromised (may kondisyong nagpapahina ng immune system) o may kahinaan sa iba pang paraan.

Ang mga bagong variant ng COVID-19 ang may kinalaman sa pinakamaraming impeksiyon at pagpapaospital sa Estados Unidos sa kasalukuyan. Pinatunayan ng mga klinikal na pagsubok na mabisang gumagana ang bakunang ito sa pagpigil ng COVID-19 sa mga kabataan. Bababa ang posibilidad nilang magkasakit nang malubha, maospital, o mamatay dahil sa COVID-19.

Ang pagpapabakuna ang pinakamabuting paraan para mapanatiling malusog at ligtas ang mga bata.

## Paano ko mapapabakunahan ang aking anak?

Ibinibigay ng estado ng Washington ang lahat ng inirerekomendang bakuna nang walang kailangang bayaran para sa mga batang hanggang 18 taong gulang. Tanungin ang pediatrician o ang regular na klinika ng iyong anak kung mayroon silang bakuna sa COVID-19.

Ang mga pamilyang walang provider ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring tumawag sa **Help Me Grow WA Hotline sa 1-800-322-2588** o pumunta sa **ParentHelp123.org** upang makahanap ng provider ng pangangalagang pangkalusugan, klinika, o iba pang dulugan sa kalusugan. Libre ang serbisyong ito at may makukuhang tulong sa wika.

Maaari mo ring puntahan ang **VaccineLocator.doh.wa.gov** at gamitin ang filter para makakita ng listahan ng mga lugar na malapit sa iyo na mayroong pediatric na bakuna.

## Paano ito makakatulong sa bahay?

Mapapanatili ng bakuna sa COVID-19 na protektado ang mga bata laban sa sakit, ibig sabihin, maaari nang maging mas ligtas na magdaos ng o dumalo sa mga pagtitipon na indoor (nasa loob ng gusali).

Ang pagpapabakuna ay makakatulong na panatilihing mas ligtas ang mga bata at protektahan ang mga miyembro ng pamilya sa sambahayan.



Dapat ipagpatuloy ng mga pamilya ang pagsunod sa iba pang inirerekomendang hakbang na pangkaligtasan para sa pinakamabisang proteksyon.

## Ilang dosis ang kailangan ng mga bata?



- Ang mga batang **edad 6 buwan-4 taon** ay kukuha ng serye ng Pfizer na may 3 dosis o serye ng Moderna na may 2 dosis
- Ang mga batang **edad 5 pataas** ay kukuha ng isang dosis ng bakuna ng Pfizer o Moderna

Ang mga batang 6 buwan+ na katamtaman o malubhang immunocompromised ay dapat kumuha ng seryeng may 3 dosis at maaaring kumuha ng mga karagdagang dosis nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis.

**Para makakuha ng sagot sa iyong mga tanong:**

**Pumunta sa: VaccinateWA.org/kids**

**Tumawag sa: 1-833-VAX-HELP** (1-833-829-4357), **Pindutin ang #**

Mayroong makukuhang tulong sa wika.

Vaccinate WA
CovidVaccineWA.org

## Tunay bang mapanganib ang COVID-19 sa aking anak?

Bagamat kaunting bata lang ang nahahawahan ng COVID-19 kaysa sa mga nasa hustong gulang, ang mga bata ay maaaring:

- Mahawahan ng virus na sanhi ng COVID-19
- Magkasakit o mamatay dahil sa COVID-19
- Magpakalat ng COVID-19 sa iba
- Magkaroon ng malalang kumplikasyong dulot ng COVID-19, gaya ng "long COVID" (matagalang COVID) o mapanganib na sakit ng pamamaga na tinatawag na MIS-C

Ipinakita na may napakakaunting side effect ng bakuna sa populasyong ito, at napoprotektahan sila nito nang mabuti laban sa sakit. Mas malaki ang benepisyo ng pagpapabakuna kaysa sa panganib na magkaroon ng COVID-19.

## Ligtas ba ang bakuna para sa aking anak?

Oo, itinuturing na napakaligtas ng bakuna para sa mga bata. Walang natukoy na malalang side effect sa mga klinikal na pagsubok ng bakuna sa mga kabataan. Nagpapatuloy ang mga pag-aaral, at ang U.S. ay may napakahusay na sistema ng kaligtasan sa bakuna para maagang matuklasan ang anumang mga senyas ng panganib.

## Ano ang mga karaniwang side effect ng bakuna sa mga bata?

Ang mga panganib sa kalusugan kung mahawahan ang mga bata ng COVID-19 ay mas malaki kaysa sa panganib na magkaroon ng mga side effect ng bakuna.

Tulad ng sa ibang mga bakuna, ang mga pinakakaraniwang side effect ay pamamaga ng braso, pagkapagod, pananakit ng ulo, at pananakit ng kalamnan. Kadalasang banayad lang ang mga sintomas na ito.

Ang mga epekto ay karaniwang banayad hanggang katamtaman sa intensity at lumitaw sa loob ng dalawang araw ng pagbabakuna, na ang karamihan ay nawala sa loob ng isa o dalawang araw.

## Ano ang kailangang dalhin ng mga bata sa kanilang appointment?

Sa karamihan ng sitwasyon, kakailanganing magbigay ng mga magulang at tagapag-alaga ng pahintulot para mabakunahan ang batang wala pang 18 taong gulang. Dapat nilang tanungin sa lokasyon ng pagbabakuna kung ano ang kailangan nila para sa pagpapahintulot.

## Mayroon pa akong mga tanong. Saan ako maaaring pumunta?

Alamin ang mga sagot sa mas marami pang tanong sa **VaccinateWA.org/kids**. Maaari ka ring makipag-usap sa regular na provider (tagapagbigay) ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak.

Washington State Department of HEALTH

**DOH 825-013 October 2023 Tagalog**
Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov